

Mga Anestetiko – mga panganib at epekto Pinsala sa ngipin, labi at dila

Tungkol sa babasahin na ito

Ang babasahin na ito ay tungkol sa **pinsala sa iyong mga ngipin, labi at dila** na maaaring mangyari kung mayroon kang pangkalahatang anestisya. Ipinapaliwanag nito kung paano maaaring mangyari ang pinsalang ito at kung ano ang maaaring gawin tungkol dito.

Ang mga pangkalahatang anestisya ay mga gamot na nagbibigay ng malalim na estadong ng pagtulog. Ito ay mahalaga para sa ilang mga operasyon at pamamaraan. Sa panahon ng pangkalahatang anestisya, ikaw ay walang malay at walang nararamdaman.

Maaari mong basahin ang mga iba pang detalye tungkol sa mga anestetiko sa aming *website*, na handa sa iba't ibang wika dito:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.

Tungkol sa pinsala sa ngipin, labi at dila habang nasa ilalim ng anestetiko

Ang iyong bibig at labi ay minsan maaaring magkaroon ng maliliit na hiwa o pasa pagkatapos ng anestetiko. Karaniwang gumagaling ang mga ito sa loob ng ilang araw.

Ang mga ngipin ay maaaring maputol, lumuwag, o kung minsan ay lumabas nang hindi sinasadya sa panahon ng pangkalahatang anestisya.

Sa panahon ng pangkalahatang anestisya, ang mga kalamnan sa iyong katawan ay nagpapahinga, kabilang ang mga nasa paligid ng iyong lalamunan at dibdib. Maaari nitong mabawasan ang daloyi ng hangin na pumapasok sa iyong mga baga.

Upang matiyak ang tuluy-tuloy na pagdaloy ng oxygen sa iyong mga baga, maaaring maglagay ang anesthetist ng tubo sa paghinga sa iyong lalamunan upang panatilihin bukas ang iyong daanan ng hangin. Ito ay ginagawa matapos kang mawalan ng malay.


Ang mga tubo o maskara na ginagamit ng iyong anesthetist habang ikaw ay walang malay ay maaaring aksidenteng magdulot ng pinsala sa iyong mga ngipin, labi at dila. Ang kagamitang ito ay kinakailangan upang mapanatili kang ligtas habang may anestetiko.

Maaari mong alamin ang mga iba pang impormasyon tungkol sa iyong airway at paghinga habang naka-anesthesiasa aming website, na handa sa iba't ibang wika: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages..

Ano ang posibilidad na mangyari ito?

Maliit na sugat o pasa sa labi at dila

Sa bawat 100 tao




1-5 ang gumawa

95-99 ang hindi

Pinsala sa ngipin na nangangailangan ng dentista

Sa bawat 10,000 na tao



Mahigit sa kalahati ng mga taong nagkaroon ng pinsala sa ngipin ay may ngipin at gilagid na

ay nasa mahinang kondisyon bago ang operasyon.

Ang mga numerong ito ay mula sa mga pag-aaral sa pananaliksik. Makikita mo kung saan namin nakuha ang aming mga numero sa aming website:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/evidence.

May anumang bagay ba na mas nag-uudyok na mangyari ito?

Mas malamang ang pinsala kung ikaw ay:

- hindi mo maibuka ang iyong bibig nang napakalawak o hindi mo madaling maigalaw ang iyong leeg. Halimbawa, ang ilang mga kondisyon ng arthritis ay maaaring maging mahirap na igalaw ang iyong leeg o iposisyon ang iyong ulo sa panahon ng pangkalahatang pagmamamhid
- may napaka-prominenteng itaas na ngipin o mas maliit na mas mababang panga
- kailangan ng pangkalahatang anestetiko sa isang emerhensiya na sitwasyon
- kailangan ng emerhensiya na caesarean section na may general anesthetic
- may labis na katabaan o nagdadala ng labis na timbang sa iyong leeg
- ay may operasyon sa iyong bibig, leeg, panga o tubo ng pagkain (esophagus).

Ano ang makakatulong sa pag-iwas sa sakit?

May mga bagay na maaari mong gawin sa iyong sarili upang mabawasan ang panganib ng pinsala sa iyong mga ngipin bago ang operasyon.

Kung ikaw ay may maluwag na ngipin o ang iyong gilagid ay masakit o dumudugo kapag ikaw ay nagsipilyo, dapat mong bisitahin ang iyong dentista sa sandaling malaman mo na kailangan mo ng operasyon.

Sabihin sa iyong anestesista kung:

- mayroon kang anumang nalalagas na ngipin o anumang iba pang problema sa iyong mga ngipin at gilagid
- mayroon kang naaalis na brace o nababangat na mga banda
- kung mayroon kang mga implant, korona, tulay, veneer o false teeth
- mayroon kang mga butas sa dila o labi.

Dapat mong sabihin sa iyong anestesista kung nagkaroon ka ng pangkalahatang anestetiko sa nakaraan at:

- sinabi sa iyo na mahirap maglagay ng tubo sa iyong daanan ng hangin
- nagkaroon ka ng pinsala sa iyong mga ngipin.

Minsan maaaring suriin ng iyong anestesista ang iyong mga medikal na rekord upang maunawaan kung ano ang naging sanhi ng mga paghihirap at maiwasang magdulot muli ng pinsala.

Paano kung nasira ang ngipin ko?

Ipapaalam sa iyo ng iyong anestesista kung nasira ang iyong mga ngipin sa panahon ng operasyon. Kung may lumabas na ngipin, ibabalik nila ito sa iyo. Bibigyan ka nila ng pampawi ng sakit kung kailangan mo ito at payuhan ka kung ano ang gagawin.

Ang ilang mga ospital ay may mga siruhano sa ngipin na maaaring tumingin sa pinsala at mag-aayos. Kung hindi ito available, maaari mong bisitahin ang iyong sariling dentista at pagkatapos ay i-claim ang mga gastos pabalik sa ospital. Dapat mong suriin sa iyong ospital ang tungkol sa kanilang patakaran sa pinsala sa ngipin sa panahon ng operasyon at humiling ng isang form upang i-claim pabalik ang gastos.

Kung nahirapan ang iyong anestesista na maglagay ng tubo sa iyong lalamunan o nasira ang iyong mga ngipin, humingi ng nakasulat na rekord ng nangyari. Maaaring ito ay impormasyong nagliligtas-buhay kung kailangan mo ng isa pang pampamanhid sa hinaharap.

Ang Difficult Airway Society ay namamahala ng Airway Alert Card scheme. Maaaring i-refer ka ng iyong anestesista sa programa. Makakahanap ka ng higit pang impormasyon sa link na ito: <https://das.uk.com/dar>.

Paalala

Sinisikap naming panatilihin tama at napapanahon ang impormasyon sa polyeto na ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin aasahan na masasagot lahat ang mga katanungan na mayroon ka ng pangkalahatang impormasyong ito o harapin ang lahat ng bagay na maaaring mahalaga sa iyo. Dapat mong talakayin sa iyong mga doktor ang mga pagpipilian at alalahanin mo, gamit ang polyeto na ito bilang gabay. Ang leaflet na ito kung mag-isa ay hindi dapat ituring na payo. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layunin na pang komersyo o negosyo. Para sa buong disclaimer, pakitingnan sa: [\[www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog\]](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Lahat ng mga pagsasalin ay ibinigay ng komunidad ng mga pagsasalin mula sa 'Translators without Borders'. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito upang gawing tama ang mga pagsasalin hangga't maaari, ngunit may panganib ng mga kamalian at maling interpretasyon ng ilang impormasyon.

Sabihin sa amin kung ano ang iniisip mo

Tumatanggap kami ng mga mungkahi upang pagandahin ang leaflet na ito.

Kung mayroon kang anumang mga puna na nais mong sabihin, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG

www.rcoa.ac.uk

Ikaanim na Edisyon, Nobyembre 2024

Rerepasuhin ang polyeto na ito sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglalathala.

© 2024 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang polyeto na ito para sa layunin ng paggawa ng materyal ng impormasyon para sa pasyente. Mangyaring sipiin ang orihinal na akdang ito. Kung may bahagi ng polyeto na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan at icon. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.